


Sa Loob ng Johnson & Johnson na Bakuna ng COVID-19

Ang Janssen/Johnson & Johnson (J&J) COVID-19 na bakuna ay gumagamit ng hindi nakakahawang virus (viral vector) na magdadala ng maliit na piraso ng DNA upang makatulong sa iyong katawan na protektahan laban sa COVID-19. Ang bawat bakuna ay nagbibigay ng halong mga aktibong sangkap upang makatulong sa iyong katawan na dumepensa laban sa sakit.



Walang pagbabago sa DNA




Walang itlog o ibang produkto ng hayop




Walang produktong dugo mula sa tao



Walang latex



Walang buhay na COVID-19 virus



Walang microchip



Walang preservatives

- Sa buong mundo, ang J&J na bakuna ay **66%** na kabuuang epektibo at **86%** epektibo laban sa malubhang sakit ng COVID-19.
- Sa Estados Unidos, ang J&J na bakuna ay **72%** sa kabuuang epektibo laban sa COVID-19 base sa malaking pag-aaral sa klinika.
- Kinakailangan ng J&J na bakuna ang **isang** dose lamang. Maksimong proteksyon ay nagsisimula **14 na araw** pagkatapos ng iyong dose.
- Ang pagbuo ng bakuna ay ginagamit sa parehong proseso sa pagbuo ng chickenpox, rubella (MMR), at hepatitis A na mga bakuna. Ang mga lab-grown cells ay mula sa isang aborsyon na naganap dekada na ang nakalipas. Walang kasalukuyan o karagdagang aborsyon ang naisagawa upang bumuo ng mga bakuna. Ang [Vatican](#) at ang [U.S. Conference of Catholic Bishops Committee](#) ay nagpahayag na ang pagtanggap ng bakuna na ito ay moral na pinatotohanan at bahagi ng isang obligasyon na protektahan ang mga indibidwal.

Para sa karagdagang impormasyon sa COVID-19 na bakuna, bumisita sa :

coronavirus-sd.com/vaccine

